

## **Pagdiriwang ng ika-118<sup>th</sup> anibersaryo ng pagkakatatag ng ITDI**

### **Panibagong Pagpupugay at Pagpapalaganap ng mga Gawaing Agham at Teknolohiya para kay Juan at Juana**

Sa darating na ika-1 ng Hulyo 2019, ang Industrial Technology Development Institute (ITDI), isa sa mga ahensya ng Department of Science and Technology (DOST) ay magdiriwang ng ika-118 taong anibersaryo ng pagkakatatag nito na gaganapin sa Philippine International Convention Center, Pasay City.

Ang pagdiriwang ay may temang ***“ITDI: Ika-118 Taong Pagpapalaganap ng Kulturang Agham, Teknolohiya at Inobasyon tungo sa pag-unlad ng kasarian*** na kung saan magtitipon-tipon bilang simbolo ng tagumpay at pagkakaisa ang mga opisyal at kawani ng DOST, ITDI, at mga piling panauhin na may mataas na pagpapahalaga sa agham at mga gawa nito.

Ang programa ay pangungunahan ng Kalihim ng DOST, si G. Fortunato T. de la Peña na siya ring magbibigay ng pangunahing tala. Siya ay sasamahan nina Gng. Carol M. Yorobe, Pangalawang Kalihim para sa Serbisyo ukol sa Agham at Teknolohiya, na naatasang magbigay ng pambungad na pananalita; Dr. Annabelle V. Briones, Direktor ng ITDI para sa Mensahe patungkol sa anibersaryo; at Dr. Diana L. Ignacio Pangalawang Direktor para sa Administrasyon at Serbisyo Teknikal ng ITDI para sa pangwakas na pananalita.

Kabilang sa mga mahahalagang kaganapan ay ang pagkilala sa mga kaibigan at katuwang ng institusyon sa pagpapalaganap ng mga gawaing pang agham at teknolohiya.

Kasunod nito ang pagpapakilala at pagbibigay parangal sa mga retiradong kawani ng ITDI; mga kawaning nagsipagtapos ng higit na mataas na antas sa pag-aaral (gaya ng *Masters o PhD*); mga siyentista; at mga huwarang empleyado para sa taong 2019.

Sa pagpapatuloy ng kasiyahan, magpapamalas ng talento habang intermisyon ang ilang empleyado, at ang iba naman ay magtatagisan ng galing sa pangkulturang pagtatanghal. Sa bahaging ito, ang mga kalahok ay hahatiin sa tatlong pangkat na magbibigay buhay sa iba't-ibang kultura ng tatlong Isla ng Pilipinas, ang Luzon, Visayas, at Mindanao sa pamamagitan ng sayawan, awitan, dula-dulaan, o kumbinasyon ng mga ito.

---

### **Our Business is Industry**

---



# *ITDI* S&T MEDIASERVICE

[www.itdi.dost.gov.ph](http://www.itdi.dost.gov.ph)

Para sa taong ito, naatasan para sa paghahanda at pangangasiwa ng programa ang mga dibisyon ng Project Management at Information Services at ng Technological Services sa ilalim ng pamumuno nina Dr. Zorayda V. Ang at Gng.Nelia Elisa C. Florendo. Samantala, sina G. Roland Andrew T. Cruz at Bb. Theresa Marie N. Chan-See ang tagapag-padaloy ng programa para sa okasyon. (DDGotis\ITDI S&T Service)

###

---

## Our Business is Industry

---

Department of Science and Technology INDUSTRIAL TECHNOLOGY DEVELOPMENT INSTITUTE  
DOST Compound, General Santos Avenue, Bicutan, Taguig City Tel.: 837-2071 local 2184 / 2268